



Kawanihan sa Impormasyon

PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS
PINAPATNUBYAN NG MARXISMO-LENINISMO-MAOISMO

Dapat ibagsak si Estrada mula sa poder at huwag pabayaang makatakas katulad ni Marcos

Pahayag ni Gregorio "Ka Roger" Rosal

*Pambansang Tagapagsalita
Partido Komunista ng Pilipinas
10 Oktubre 2000*

Ang mga iskandalosong impormasyong ibinunyag ni Gob. Luis Chavit Singson ay pawang kumpirmasyon ng saklaw, lalim at tindi ng kabulukan at kriminal na operasyon ng naghaharing pangkating Estrada.

Dahil dito, lalong nagiging malinaw na kailangang alisin na sa poder si Estrada at ang kanyang mga kriminal na alipures, laluna ang mga pangunahing upisyal ng PNP at AFP.

Ang mga ibinunyag ni Singson ay ibayong nagpalawak at nagpasidhi ng galit ng mamamayan Pilipino. Kailangang pag-ibayuhin ang pag-organisa sa mamamayan at tipunin ang milyun-milyon sa mga demonstrasyon sa lansangan, laluna sa paligid ng Malakanyang, upang tuluyan nang ibagsak si Estrada tulad ng pagpapabagsak kay Marcos noong 1986.

Kailangan din pagplanuhan kung papaano titiyaking hindi makatatakas si Estrada. Dapat arrestuhin at paharapin si Estrada sa isang independyenteng hukuman at litisin, hindi lamang batay sa kanyang kriminal na pagpapasimuno sa iligal na sugal, korupsyon at pagnanakaw sa gubyerno, kundi pati na sa laganap na paglabag sa mga karapatang-tao at internasyunal na makataong batas, mga pandaigdigang alituntunin sa digma laluna sa Mindanao, Timog Katagalugan at iba pang lugar na sinasalanta ng kontra-rebolusyonaryong digma.

Higit sa lahat, kailangang pagbayaran ni Estrada ang walang kaparis na pinsala sa pambansang ekonoma at pahirap sa mamamayan na idinulot ng walang rendang pagsasakatuparan nito ng mga patakarang liberalisasyon, deregulasyon at pribatisasyon.

Maaaring tipunin sa bisperas ng pagpapatalsik kay Estrada ang isang pambansang kunseho na bubuuin ng mga kinatawan ng iba't ibang patriyotiko at demokratikong grupo at personaheng anti-Estrada. Maaari nitong pangasiwaan ang gawain ng paggugubyerno hanggang mapagpasyahan ang paraan ng pagtatayo ng bagong pamahalaan.

Sadyang makabubuti sa mamamayan Pilipino na ibagsak na si Estrada upang mabigyang-pagkakataong tugunan ang kanilang mga demokratikong kahilingan, kabilang ang sumusunod:

- (1) Ang kagyat na pagrolbak ng presyo ng mga produktong petrolyo.
- (2) Ang makatwirang pagtataas sa sahod ng mga manggagawa.
- (3) Ang pagbababa sa presyo ng mga karaniwang bilihin ng mamamayan.

- (4) Ang pagtigil sa tuluy-tuloy na pagsusubasta ng mga pampublikong ari-arian laluna ang mga ospital at paaralan.
- (5) Ang pagtigil sa walang-habas na digmang anti-Moro sa Timog at Kanlurang Mindanao.
- (6) Ang pagbasura sa Oplan Makabayan.
- (7) Ang pagpapalaya sa lahat ng bilanggong pulitikal sa bansa.

Nakahanda ang Partido at National Democratic Front of the Philippines na muling harapin sa usapang pangkapayapaan ang Gubyerno ng Republika ng Pilipinas na papalit sa gubyernong Estrada. Kailangang magsimula ang usapang pangkapayapaan sa balangkas ng pagsasakatuparan ng mga nabuo nang kasunduan mula sa The Hague Joint Declaration of 1990 hanggang sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (1998).

Gregorio "Ka Rager" Peral